TIM LIWANAG

SA PASIMULA

Copyright © 2022 Tim Liwanag
Smashwords Edition
ISBN: 9781005937560
Lahat ng karapatan ay nakalaan

Larawan sa harap: *picfont*
Disenyo: Tim Liwanag

I-address ang mga katanungan kay:
Tim Liwanag
Official Facebook: https://www.facebook.com/tim.liwanag

Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin, iimbak sa isang sistema ng pagkuha, o ipadala sa anumang anyo o sa anumang paraan – electronic, mekanikal, photocopy, recording, o anumang iba pa – maliban sa mga maikling sipi sa mga nakalimbag na pagsusuri, nang walang paunang pahintulot ng may-akda.

Ang lahat ng mga talata ay sinipi mula sa Ang Salita ng Dios (ASND)

MGA NILALAMAN

PASASALAMAT
PAMBUNGAD
HARDIN NG DIYOS
HARDIN SA SILANGAN
LUPANG PANGAKO
BAHAY NG DIYOS
KONKLUSYON
APENDISE 1: MAPA NG EDEN NI JOHN DICESARE
APENDISE 2: A.D. 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem
TUNGKOL SA MAY-AKDA

"Ang mga lumang bagay ay lumipas na… Ang lahat ng mga bagay ay naging bago."
~ Pablo, apostol ng Dios para sa inyo

PASASALAMAT

Ako, nang buong puso, ay nagpapasalamat sa Ama para sa inyong lahat:

Ang aking pinakamamahal na kabiyak, si Grace, ang aking mga anak na babae (Gwen, Love, at Zsofi) na, kasama ang aking kapatid na babae at ang kanyang anak na lalaki ay naging at patuloy na mga pagpapala ng Diyos sa aking buhay.

Ang aking mga magulang na nagbigay sa akin ng kanilang mga iginagalang na pangalan at isang magandang edukasyon.

Ang aking mga in-laws, ang pamilyang Ilano, na kumupkop sa amin nang buong puso.

Mga kapatid ko sa Diyos at lahat ng Kristiyanong kumbinsido na tinupad ng Diyos ang kanyang mga pangako at propesiya.

Espesyal na pagpapahalaga kay Marthy C. Austria para sa mga brainstorming session sa group chat; kina Arex at Joy na kusang-loob na nagbigay sa akin ng pagkilala sa pagiging guro at tagapag-ambag ng kaalaman; sa hamon at tanong nina Ed, Rey, Erick, Ferdinand, at Gerand; sa mga kasayahan na dala nina Fredo, Rex, Nestor, Rene, Jefril, Myra, Art, at Joel.

Muli, sa aking mga mambabasa, maraming salamat po!

PAMBUNGAD

Ang unang pagbanggit ng Genesis 2 sa Hardin ng Eden ay nagsisilbing tagpuan para sa isa sa mga pinakakilalang kuwento sa Biblia: ang buhay nina Adan at Eva at ang kanilang pagkahulog mula sa biyaya. Mukhang hindi mapag-aalinlanganan na ang Biblia mismo ay tumutukoy sa Hardin bilang isang tunay na lugar, hindi alintana kung ito ay isang mito o makasaysayang kuwento na aktwal na nangyari o kung ito ay simbolo lamang o isang kathang-isip.

Ayon sa kuwento, ang Hardin ay nasa silangang bahagi ng rehiyon na kilala bilang Eden. Ang Pishon, Gihon, Tigris, at Eufrates ay ang apat na ilog na binanggit sa Biblia na nagmumula sa Hardin (Genesis 2:10–14). Binanggit din ng Biblia ang iba't ibang lugar na dinaanan ng mga ilog na ito at maging ang ilan sa mga kilalang bagay sa mga lupaing iyon. Ang Hardin ng Eden ay talagang umiral sa isang lugar. Nasaan kaya?

Siyasatin natin ang mga paglalarawan sa Hardin sa dalawa pang paraan:

Ang unang interpretasyon ay ang pagtingin sa Hardin na likha ng Diyos o **Hardin ng Diyos**.

> *Genesis 2:8 ASND*
> *Pagkatapos, nilikha rin ng Panginoong Dios ang isang halamanan sa Eden, sa bandang silangan, at doon niya pinatira ang tao na nilikha niya.*

Iniugnay ng Genesis ang Hardin o Halamanan ng Eden na ito sa mga nilikha ng Panginoong Diyos, na sa paglikha rito ay nakakabit din ang pagtira nina Adan at Eva. Hindi lamang iyon, ang Hardin ay kinilala ring Paraiso o Banal na Lupain dahil sa presensya ng Diyos na naroon.

> *Genesis 3:8 ASND*
> *Pagdating ng hapon, narinig nila na lumalakad ang Panginoong Dios sa halamanan.*

Ang pangalawang interpretasyon ay ang pagtingin sa kinalulugaran ng **Hardin sa Silangan** ng Eden. Ang lugar na kung saan naroroon ang Hardin ng Eden ay hindi naiiba sa kung saan matatagpuan ang lupain ng Nod (Gen 4:16). Ito ang isa sa mga tatalakayin natin sa mga susunod na pahina.

Sa dalawang interpretasyon na ito ay lalayo tayo sa malawak na pinaniniwalaan tungkol sa Hardin ng Eden na nasa isang lugar sa Mesopotamia sa Gitnang Silangan. Ngunit kahit na ito ay isang kinikilalang katotohanan ng nakararami ay nakakatiyak ba tayo na naroon ang tamang lokasyon ng Halamanan? Kaya pagdating sa aktwal na lokasyon ng Hardin ay susubukan din nating hanapin ito at hindi tayo mananatili sa karaniwang sagot na ito ay kailanman hindi na malalaman at marahil hinding-hindi na mahahanap.

HARDIN NG DIYOS

Genesis 2:8 ASND
Pagkatapos, nilikha rin ng Panginoong Dios ang isang halamanan sa Eden, sa bandang silangan, at doon niya pinatira ang tao na nilikha niya.

Ang lokasyon ng Halamanan o Hardin ng Eden ay maaaring matukoy sa pamamagitan ng paniniwala sa nakasulat sa Genesis 2:8 na ito ay nagmula sa Panginoong Diyos. Ang pag-alam kung kanino ito at sino ang pinagmulan bago pa nabuhay doon sina Adan at Eva ay isa sa pinakamahalagang bagay. Bukod pa rito, kilalanin natin ang Hardin na isang banal na lugar o banal na lupain sa rehiyon ng Eden. Kaya sa natuklasan natin muna na ang Hardin ay nasa Eden at ang Eden ay matatagpuan sa Canaan ay sana hindi ninyo ikagulat dahil ito ang kinilalang Lupang Pangako. Bilang karagdagan, ang Canaan sa paglipas ng panahon ay nakilala bilang Palestina at Israel.

Ang mga nabanggit ba natin sa itaas tungkol sa Hardin at Eden ay sinusuportahan ng anumang makatotohanang ebidensya? Oo, dahil ang mga makatotohanang impormasyon na ito ay galing din sa Biblia, sa kasaysayang pangkultura ng mga Judio at sa espiritwal na pananaw sa mga ibinigay na talata. Ang mga konseptong ito ay ipapakita natin sa isang biblical at lohikal na paraan. Ngayon din ay kailangan nating simulan na buksan ang ating isip sa pagtanggap na ang Diyos mismo ang higit na makapagbibigay ng kaunawaan.

HARDIN NG ANAK NG DIYOS

Sa Genesis 2:8 ay mababasa natin na ang tao na may pangalang Adan ay ang tao na pinatira ng Panginoong Diyos sa Hardin ng Eden. Malinaw na si Adan ang unang tao rito sa Hardin, hindi sinabi na unang tao sa Eden o unang tao sa buong mundo. Kaya ang ibig sabihin ni apostol Pablo na si Adan ang "unang tao" (1 Corinto 15:45) ay siya mismo ang unang tao na anak ng Diyos na pinatira sa Hardin ng Eden.

Kung susuriin natin sa pamamagitan ni Lucas ang talaangkanan ng anak ng Diyos ay makikita nating muli ang pangalang Adan (Lucas 3:38). Sa talaangkanan ng anak ng Diyos na si Adan ay nakalista ang mga pangalan nila Noe, Abraham, Jacob, Juda, David at Jesu-Cristo. Sa talaangkanan ng anak ng Diyos pa lang ay malalaman na natin kung saang lokasyon silang lahat nakilala, sa Israel. Ngunit bago pa magkaroon ng pangalang Israel ay nakatira na sa Canaan sina Abraham at Jacob.

Binibigyang-diin natin ang Hardin ng Eden ngayon bilang isang Hardin ng anak ng Diyos. At hindi lang si Adan na unang Adan na anak ng Diyos ang tinutukoy natin, kasama rito ang huling Adan na si Jesu-Cristo at ang kaugnayan niya sa Paraiso, sa Lupang Pangako at sa Banal na Lupain.

PARAISO NG DIYOS

Kung ang Hardin ng Eden sa lupain ng mga tao ay mayroong Puno ng Buhay (Genesis 2:9), matatagpuan din ang Puno ng Buhay sa Paraiso ng Diyos.

> *Pahayag 2:7 ASND*
> *"Kayong nakikinig, pag-isipan ninyong mabuti ang sinasabi ng Banal na Espiritu sa mga iglesya.*
> *"Ang magtatagumpay ay papayagan kong kumain ng bunga ng punongkahoy na nagbibigay ng buhay. Ang punong ito ay nasa **paraiso ng Dios**."*

Mapapansin natin na ang Hardin ng Eden sa lupa ay may kaugnayan sa Paraiso ng Diyos, kung saan mayroon ding Puno ng Buhay. Ngunit ang Paraiso ng Diyos na tinutukoy ay nasa *"Banal na Lungsod, ang bagong Jerusalem, na bumababa mula sa langit galing sa Dios"* (Pahayag 21:10).

Kung ang Paraiso ng Diyos ay ang Banal na Lungsod, ang Bagong Jerusalem, maaaring tawagin natin na Paraiso ng Diyos sa lupa ang Lumang Jerusalem dahil ito ay tinawag na dati bilang 'banal na lungsod' sa panahon nina Nehemias at Isaias (Nehemias 11:1; Isaias 52:1).

BANAL NA LUNGSOD

Tungkol sa pagbanggit sa Banal na Lungsod, mahalagang tandaan na sinasabi sa atin ng Biblia na, para sa mga Judio, ang Jerusalem ang lungsod ni David, na ang naunang pangalan ay Jebus bago niya sakupin ito (1 Cronica 11:4). Ang Jerusalem ay napapaligiran ng matibay na pader at sa pagdaan ng mga panahon ay patuloy na pinahahaba o pinalalawak dahil sa mga lupaing sinasakop.

Ang Banal na Lungsod ng Jerusalem ay nakilala rin sa pangalan na Zion kung saan sinasamba ang Diyos ng Israel ng mga lahi nina Jacob at Juda. Sa Banal na Lungsod ay hindi pinapayagang makapasok ang mga hindi Israelita at mga taong tinatawag na 'marurumi' (Isaias 48:1-2, 52:1).

Dahil ang Banal na Lungsod ay lugar ng mga sumasamba sa Diyos ng Israel, masasabi rin natin na ang Hardin ng Eden sa lupa ay ginawang 'banal na lungsod' ng Panginoong Diyos. Kung gayon, matatawag ba natin na Jerusalem ang Hardin ng Eden sa lupa? Oo, dahil ang Hardin ng Eden sa lupa, gaya sa Bagong Jerusalem na bumaba rin naman sa lupa mula sa langit, ay may Puno ng Buhay.

HARDIN SA SILANGAN

Genesis 2:8 ASND
Pagkatapos, nilikha rin ng Panginoong Dios ang isang halamanan sa Eden, sa bandang silangan, at doon niya pinatira ang tao na nilikha niya.

Ang lahat ng mga dahilan na aking ipinakita tungkol sa Hardin ng Eden bilang Hardin ng Diyos ay humahantong sa Jerusalem sa lupain ng Israel na dating Canaan. Ang isa pang interpretasyon sa ipinapakita ko ngayon ay ang maling paniniwala na nasa Mesopotamia ang lokasyon ng Hardin ng Eden. Ang aktwal na lokasyon ng Hardin ng Eden sa Silangan ay natuklasan natin sa Jerusalem sa Israel.

PATUNGONG SILANGAN

'Patungong Silangan' o 'bandang silangan' ang kinaroonan ng Hardin ng Eden. Dahil nasa Silangan ang pagsikat ng araw. Ang salitang Hebreo para sa Silangan ay *qedem* at literal na nangangahulugang "direksyon ng pagsikat ng araw." Para sa kanila, ang pinagmulan ng lahat ng bagay ay maaaring dumating, nakarating, at darating mula sa Silangan.

May dahilan kung bakit itinanim ang Hardin ng Eden sa Silangan. Ang daan patungo sa Puno ng Buhay ay nasa Silangan. Ang buhay ay nagsisimula sa Silangan.

Ang kampo ng lahi ni Juda ay nasa Silangan (Bilang 2:3). Ang Juda ay ang tribo ni Jesus, ang Cristo o Mesiyas na nagmula kay Juda (Pahayag 5:5). Ang bituin ni Cristo ay nasa Silangan (Mateo 2:2). Ang Bundok ng mga Olibo ay nasa Silangan ng Jerusalem (Zacarias 14:4). Karaniwang kaugalian noong sinaunang panahon na ang mga templo, kabilang ang Templo sa Jerusalem, ay nakaharap sa Silangan, patungo sa pagsikat ng araw.

Ang pagtatalaga ng Israel bilang isang lupain ng Silangan ay nananatili hanggang sa araw na ito. Matatagpuan ang Israel sa rehiyong tinatawag na Malapit na Silangan.

Kung ang pinagmulan ng lahat ng bagay ay mula sa Silangan, ang ibig sabihin nito ay naroroon ang Diyos, ang pinagmulan ng Hardin ng Eden.

LUPANG PANGAKO

Hebreo 11:8-9 ASND
Dahil sa pananampalataya, sinunod ni Abraham ang utos ng Dios na pumunta sa lugar na ipinangako sa kanya. Umalis siya sa bayan niya kahit hindi niya alam kung saan siya pupunta. Dahil din sa pananampalataya, nanirahan si Abraham sa lupaing ipinangako sa kanya ng Dios kahit na sa tolda lang siya tumira na parang isang dayuhan. Tumira rin sa tolda ang anak niya na si Isaac at apong si Jacob, na mga tagapagmana rin ng pangako ng Dios.

Nang tawagin ng Diyos si Abraham ay dala lamang niya ang pananampalataya para makarating at makamtan ang lupang ipinangako sa kanya na kanyang mamanahin. Ang Lupang Pangako ng Diyos ay ang Canaan. Ngunit walang alam si Abraham sa lupaing Canaan na kanyang lilipatan; mayroon lamang siyang pangako ng Diyos na ito ang dapat niyang mana.

MANA

Ang Lupang Pangako ng Diyos ay isang mana, isang inilaang bahagi. Ang mana na mula sa Diyos ay palaging ginagamit sa mga bagay na hindi natitinag, tulad ng isang bansa, lungsod, o bahay. Ang lupaing namana ay partikular na tumutukoy din sa pagkakasunud-sunod sa pagmamay-ari, sa pamamagitan man ng pananakop o sa pamamagitan ng pamana. Ang mana ay tumutukoy sa tiyak na pag-aari na hawak ng may titulo na mga ninuno. Kaya ang lupaing ipinangako ay isang matatag na mana at pangmatagalang pag-aari.

Ang Lupang Pangako na tatanggapin bilang isang mana ay matatagpuan din sa sinaunang mga tradisyon ni Moses tungkol sa Tipan (Exodus 3:8, 17; 23:20–33); sa mga susunod na teksto ang pangmatagalang pag-aari na ito ay itinuturing na isang katuparan ng pangako gaya sa ginawang pangako ng Diyos kay Abraham (Exodus 3:8; 13:5; 32:13).

Pagkatapos ng Exodo ng mga Israelita mula sa Ehipto, ang lupain ng Canaan ay itinuring na kanilang mana (Genesis 48:6; Bilang 26:52–56; 33:50–54; 34:14–18). Kung ang Israel ay nagtagumpay sa pag-aari ng Lupang Pangako, ito ay dahil lamang ang lupaing ito ay ibinigay dito bilang patrimonya ng Diyos (Josue 1:6; 3:10; 13:1, 7).

PATRIMONYA NG DIYOS

Ang Lupang Pangako ng Diyos ay isang patrimonya na mula sa Diyos. Ang Israel ay itinuturing na pamana ng Diyos (Deuteronomio 4:20; 9:26, 29; 1 Samuel 10:1; 2 Samuel 14:16; 20:19; 1 Mga Hari 8:51, 53; 2 Mga Hari 21:14), at sa mga Orakulo ni Moses ang pagtatalagang ito sa Israel ay mula sa isang pagbabaha-bahagi ng parte sa "mga anak ng Diyos":

Deuteronomio 32:8 ASND
Nang binigyan ng Kataas-taasang Dios ang mga bansa ng lupain nila at nang pinagbukod-bukod niya ang mga mamamayan [mga anak ni Adan], nilagyan niya sila ng hangganan ayon sa dami ng mga anghel ng Dios [mga anak ni Israel].

Pansinin natin na ang Lupang Pangako ng Kataas-taasang Diyos ay inilaang bahagi na para sa mga anak ni Adan o para sa mga anak ni Israel. Kapag gagamitin natin ang ating sentido komun ay makikita natin na ang lupain ni Adan ay ang Hardin ng Eden bago pa siya mahulog mula sa biyaya ng Diyos at ang Lupang Pangako ay nagpatuloy sa mga anak ni Israel. Kaya ang Hardin ng Eden ay isang Lupang Pangako at ito ay kilala natin sa pangalang Israel na dating Canaan.

Itinuring ng Kataas-taasang Diyos ang Israel bilang kanyang pamana. Nagpapahiwatig ito na pinamamahalaan niya ang pamana na kaniyang nilikha, sa pamamagitan ng Tipan at personal na presensya niya sa kanyang bayan gaya sa panahon na lumalakad siya sa Hardin ng Eden. Ang ibig sabihin din nito ay nakatira ang Diyos sa kanilang lupain o naroon mismo ang Bahay ng Diyos.

Alalahanin din natin ang Lupang Pangako kay Jacob, ang Betel na sa salin ay Bahay ng Diyos. Ang Betel ay isang sinaunang santuwaryo ng mga Israelita. Ito ang pangalan ng isang maliit na bayan sa hilaga ng Jerusalem. Sa Hebreo, ang Betel ay isinulat bilang "Beit El". Ang ibig sabihin ng *Beit* ay isang bahay, ang ibig sabihin ng *El* ay Diyos, kaya ang Betel ay Bahay ng Diyos.

Ang sinaunang pangalan ng Betel ay Luz, isang maharlikang lungsod ng Canaan. Ang Betel ay madalas na nauugnay kina Abraham at Jacob. Si Abraham, ayon sa Genesis 12:8, ay nagtayo ng altar sa silangan ng Betel di-nagtagal pagkarating nila sa Canaan mula sa Haran. Nang maglaon, pinaniniwalaan ni Jacob na ang Betel ay ang "pintuan ng langit," kaya doon din siya nagtayo ng altar at pinangalanan niya ang lugar na El Betel (Genesis 28:16-19; 35:6-7).

BAHAY NG DIYOS

Genesis 28:16-19 ASND
Biglang nagising si Jacob at sinabi niya sa kanyang sarili, "Hindi ko alam na nandito pala ang Panginoon sa lugar na ito."
Kinabahan siya at sinabi, "Nakakamangha ang lugar na ito! Tirahan ito ng Dios at dito mismo ang pintuan papuntang langit."
Maagang bumangon si Jacob. Kinuha niya ang batong inunan niya noong gabi at itinayo bilang isang alaala. Pagkatapos, binuhusan niya ito ng langis para maging banal. Pinangalanan ni Jacob ang lugar na iyon na Betel. Dati ay Luz ang pangalan ng lugar na iyon.

Ang Bahay ng Diyos o Tirahan ng Diyos ay kilala sa pangalang Betel. Ayon sa Biblia, ang mga altar na itinatag nina Abraham at Jacob ay nasa Betel. Inilagay din sa Bethel ang Kaban ng Tipan o Kahon ng Kasunduan sa panahon ng mga hukom ng Israel, kung saan ito rin ay isang sagradong lugar para sa pag-alay ng mga hain sa Diyos at pagtanggap ng mga orakulo mula sa Diyos.

Nang tinawag ng Diyos si Jacob na bumalik sa Canaan mula sa pagkatapon sa Haran ay nagpakilala siya na "Ako ang Diyos ng Betel" (Genesis 31:13).

BAHAY NG KATAAS-TAASANG DIYOS

Sa Betel, na ang dating pangalan ay Luz, ay ang lugar kung saan natulog si Jacob at nanaginip ng mga anghel na umaakyat at bumababa ng hagdan na umaabot hanggang sa langit (Genesis 28:19). Dahil sa pangitain ay tinawag ni Jacob ang lugar na iyon na 'pintuan papuntang langit' at binansagan niya rin ito na El Betel [Ang Diyos ng Bahay ng Diyos].

Sa unang tingin ang pangalang El Betel ay parang may dalawang bahagi lamang, ngunit kapag tiningnan sa Hebreo ay binubuo ito ng tatlong bahagi. Ang El ay pangalan ng Diyos o ito ay ang karaniwang tanggap na pagdadaglat ng Elohim [mga diyos, mga anghel, mga hari, mga hukom]. Kaya ang El Betel ay Bahay ng Kataas-taasang Diyos o Bahay ng Diyos ng mga diyos.

Ayon sa ilang mga iskolar sa Biblia, ang El ay pangalan ng pangunahing sinaunang diyos ng Canaan, gayundin ang pangalan ng Diyos na Hebreo sa mga salaysay ng patriyarkal. Nang dumating sa Canaan ang mga patriarka ay pormal na sinamba roon si El, malamang na ang pangalang Betel [Bahay ni El] ay hindi aktwal na nagmula sa mga patriyarka ngunit inangkin nang maglaon ng mga Israelita dahil sa pagtatag ng altar doon ng kanilang ninuno na si Jacob.

Kapag nauunawaan natin na ang Betel ay gaya sa Hardin ng Eden kung saan nananahan ang presensya ng Diyos, hindi imposibleng ito rin ay Hardin ng Eden.

Dahil ang Diyos ay Kataas-taasang Diyos, naniniwala ang ng mga mistiko na siya ay nakatira sa Itaas na Hardin ng Eden. Para sa kanila ang Hardin ng Eden ay maaaring tumukoy sa dalawang lokasyon: (1) Itaas na Hardin ng Eden at (2) Ibaba na Hardin ng Eden.

Ang Itaas na Hardin ng Eden ay isang espiritwal na lugar kung saan naroroon lagi ang presensya ng Diyos. Kaya nang dumalaw ang Diyos kay Adan ay nagpunta raw siya sa Ibaba na Hardin ng Eden, ang nilikang tirahan nina Adan at Eva.

Kung ang kulturang ito ay nasa kasaysayan ng mga anak ni Adan, na mga ninuno ng mga Israelita, bago pa ang Dakilang Baha at bago pa sila napaalis sa kanilang Lupang Pangako ay maiintindihan natin na sila ay maaaring nanirahan sa Itaas na Hardin ng Eden na Bahay ng Kataas-taasang Diyos na si El. Maaring maging tanda ang bagong pangalan mismo ni Jacob na kinilala sa pangalang Israel. Dahil kung tanggap ng mga Israelita na sila ay nagmula sa lahi nina Adan at Jacob ay mas madali nating tanggapin na ang lugar ng kapanganakan mismo ng Israel ay sa Betel at ang Betel na iyon ay dating kinaroroonan ng Itaas na Hardin ng Eden. Hindi rin imposible na ituring na Jerusalem mismo ang Ibaba na Hardin ng Eden dahil sa lokasyon pa lang nito na nasa timog ng Betel. Para sa mga Israelita na naniniwala sa pangalan ni Yahweh bilang Diyos ng Israel ay siya ang tumupad sa ipinangakong lupain ng Diyos at siya rin mismo ang tutupad sa pangako niya na pinili niya ang Zion o Jerusalem para maging tahanan niya magpakailanman (Salmo 132:13-14).

BAHAY NI EL O BAHAY NI YAHWEH

Ang Bahay ni El [Betel] at Bahay ni Yahweh [Jerusalem] ay may nakaraan na binalot ng lagim at kontrobersya dahil sa propaganda na iisa lang ang pinili ng Diyos na maging tahanan niya. Ang mga maka-Yahweh ng Jerusalem ay nangatuwiran na isang idolatrosong lugar ang Betel.

Sa panahon ni Haring Jeroboam, na anak ni Haring Solomon, ay naitatag ang bagong independiyenteng estado ng mga Tribo ng Israel. Pinagtibay niya ang Shekem, ginawa niyang kabisera ito, at nakipagkumpitensya sa Jerusalem bilang lokasyon ng Banal na Templo. Nagtayo siya ng mga templo sa Betel, kung saan inilagay niya ang mga imahe ng gintong guya, at inutusan ang mga tao sa Timog at Hilaga na maglakbay sa mga bagong templong ito upang maglingkod sa mga diosdiosan. Higit pa rito, hinikayat ni Jeroboam ang karaniwang mga tao sa pagtataksil kay Yahweh sa pamamagitan ng paghirang ng mga pari hindi lamang mula sa pamilya ni Aaron, sa tribo ni Levi, kundi mula sa lahat ng iba pang tribo.

Ang Betel ay naging isang lugar ng kasamaan mula sa panahon ni Jeroboam hanggang sa mga araw ni Josias. Sa Amos 4:4, sinabi pa mismo ni Yahweh na "Kayong mga Israelita, pumunta kayo sa inyong sinasambahan sa Betel at sa Gilgal at dagdagan pa ninyo ang inyong kasalanan." Dito ay mababasa natin na ang Panginoon ng mga Israelita ay nalalaman ang mga pangyayari.

Sa panahon naman ni Haring Josias ay lubusang napawi ang idolatriya saanman gaya sa pagsira niya ng dambana na itinayo ni Haring Jeroboam at hanggang linisin niya ang buong haba at lawak ng lupain ng Israel. Pinatay niya ang lahat ng mga pari, sinunog pa ang kanilang mga

buto sa kanilang mga altar, at pagkatapos ay sinira ang mga altar mismo, na ginawang pulbos (2 Mga Hari 23:19-20). Mahigit 100 taon bago nito inihula ng isang propeta ng Diyos ang paglapastangan sa altar ni Jeroboam sa Betel. Walang iba kundi si Josias ang ipinropesiya na lalapastangan sa altar na ito. Sa 1 Mga Hari 13:1-2, ang kanyang pangalan ay ibinigay sa mismong oras na binigkas ang hula!

Sa kalaunan, sa panahon ni Ezra, ang lungsod ng Betel ay sinunog at naging isang maliit na nayon (Ezra 2:28). Ang Betel ay hindi na binanggit pa sa Bagong Tipan.

Ang nangyari sa Betel at Jerusalem ay nakaapekto sa buong mundo. Ngunit nagbago ang lahat sa panahon nina Jesu-Cristo at kanyang mga apostol. Sinabi ni Jesus na ang makalangit na presensya ng Diyos ay dumating sa Lupa sa pamamagitan niya. At madalas niyang inihalintulad ito sa isang malaking puno, na lumalaki at kumakalat sa nakakamangha na mga paraan (Mateo 13:31-32). Sana makita nating lahat ang sentro ng Hardin, ang Puno ng Buhay kay Jesu-Cristo.

KONKLUSYON

Roma 1:21 ASND
At kahit alam nilang may Dios, hindi nila siya pinarangalan o pinasalamatan man lang. Sa halip, ibinaling nila ang kanilang pag-iisip sa mga bagay na walang kabuluhan, kaya napuno ng kadiliman ang mga hangal nilang pag-iisip.

SA PASIMULA pa lamang ay alam na nating lahat na may Diyos na Lumikha sa langit at lupa (Genesis 1:1). Sa pasimula rin ay literal na inilagay ng Diyos ang Hardin sa Eden sa bandang Silangan upang doon ay magpakilala sa mga nilikha niya bilang Buhay na Diyos.

Ngunit ano nga ba ang itinuturo ng kasaysayan tungkol sa Diyos at siya ba ay kinikilala pa?
— Hindi, ang sinasabi ay "Walang sinumang naghahanap sa Diyos."

Ang lahat ng tao ba, kahit papaano, ay nalalaman na sila ay nilikha bilang imahe ng Diyos?
— Hindi, ang sinasabi ay "Walang matuwid, kahit isa."

Ang lahat ng tao ba ay hinihikayat na lumapit sa Diyos na Lumikha?
— Hindi, ang sinasabi ay "Lahat ay tumalikod na."

Naiintindihan ba ng tao na ang Diyos ay nagpapakilala ng kanyang sarili sa atin?
— Hindi, ang sinasabi ay "Walang nakakaunawa."

Mahalaga pa ba ang buhay na bigay ng Diyos? Pinahahalagahan ba ng mga tao ang kaloob ng Diyos na buhay?
— Hindi, ang sinasabi ay "Sila ay sama-samang naging walang halaga."

Mahalaga pa ba, para sa mga tao, na gumawa ng mabuti sa panahon ngayon?
— Hindi, ang sinasabi ay "Walang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa."

Sana naman hindi magpatuloy ang mga ganoon.

Dahil sa pasimula pa lamang ay inihayag na ang tungkol sa Diyos, Ang kanyang walang-hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos ay naipahayag na nang likhain niya ang Hardin ng Eden, sina Adan at Eva, at lahat ng mga iba't ibang uri ng hayop at mga punongkahoy na namumunga.

Ngunit sa mga naniniwala na pinalayas ng Diyos sa Hardin ng Eden ang mga magulang ng buong sangkatauhan ay napanatili na sa kanila ang paniniwala na ang lahat ng tao ay marumi na, malayo na sa presensya ng Diyos, hindi na makakapasok sa pinto ng langit o Paraiso at may naghihintay pa na kaparusahan na pangalawang kamatayan para sa kanila sa impyerno.

Napanatili ang paniniwalang may dalang takot dahil hindi inuunawa ang mga salita ng Diyos. Natatakot dahil pinaniniwalaan ang Poot ng Diyos na nanatili kay Adan at Eva at sa lahat ng tao. Lalong lumalayo pa dahil pinipilit na maging matuwid at perpekto habang nabubuhay sa mundong ito. Hindi tinatanggap ang imahe ng Diyos na inilagay na sa buong sangkatauhan noon pa man.

Napanatili sa puso at isip ang sumpa na hindi naman para sa lahat ng tao, kundi para kina Adan at Eva. Iniisip din lagi na ang Diyos ay nasa kaitaas-taasan lamang at hindi kailanman lumalapit sa mga makasalanan. Pinaniniwalaan ang mga pilosopo na ang presensya ng Diyos ay isang bagay na patuloy na ipinagkakait sa sangkatauhan.

Ngunit itinuwid na ni Jesu-Cristo ang mali kay Adan at ang Pasimula ay may Wakas na dahil *"ang mga lumang bagay ay lumipas na… Ang lahat ng mga bagay ay naging bago"* (2 Corinto 5:17). Ito muna ang aking iiwan sa inyo bilang palaisipan; para na rin alamin ninyo ang mga binago ng Panginoong Diyos na Makapangyarihan.

*** WAKAS ***

APENDISE 1: MAPA NG EDEN NI JOHN DICESARE



APENDISE 2: A.D. 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem



Matuto pa mula sa aking libreng aklat: *A.D. 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem*. Magsadya lamang sa Internet Archive para makapag-download ng inyong pdf copy:

https://archive.org/details/ad-70-ang-pagkahulog-ng-jerusalem

AD 70 — Ang Pagbagsak ng Jerusalem, ayon kay Josephus, ay nagdulot ng 1.1 milyong pagkamatay bilang resulta ng gutom at karahasan na ginawa ng tao. Ang mga Judiong nasawi, na nagmula sa ibang mga rehiyon ng Imperyo ng Roma para lamang ipagdiwang ang taunang Paskuwa sa Jerusalem, ay nahuli at napatay sa mga pagkubkob ng mga Romano.

TUNGKOL SA MAY-AKDA

Si Tim Pagaduan Liwanag ay isang autor na Filipino at iskolar ng kasaysayang pangkultura ng Israel at iba pang mga bansa sa Sinaunang Malapit na Silangan. Siya rin ang may-akda sa *Fulfilled Prophecies* na nagsasalaysay ng mga natupad na propesiya ng mga Judio noong unang-siglo ng Israel. Ito ang nagbigay sa kanya ng pagkilala bilang unang Filipinong may-akda na sumulat ng isang libro tungkol sa mga natupad na eskatolohiya. Nagbigay din siya ng paraan ng pag-unawa sa katuparan ng mga propesiya sa pamamagitan ng mga mata ng orihinal na nilalayong tagapakinig ng mga hula at sa buong paghahayag ng mga misteryo.

Tuklasin ang iba pang mga akda ni Tim Liwanag

AD 70 — Ang Pagkahulog ng Jerusalem
Fulfilled Prophecies
Why Jesus Came To Hell
Ultrapowerful Jesus
Israel Only?

Makipag-ugnayan sa Autor

Facebook | https://www.facebook.com/tim.liwanag
Quora | https://www.quora.com/profile/Tim-Liwanag
Blog | https://believe-the-bible.blogspot.com/
Smashwords | https://www.smashwords.com/profile/view/timliwanag
Goodreads | https://www.goodreads.com/author/show/13997377.Tim_Liwanag